



1100 Christian Leadership ©

Conrad Jun Tolosa

Revised March 14, 2020

CP1103. Pagpapaunlad ng mga Katangian at Abilidad ng Isang Mabuting Lider

Ang mga lider ay hindi likas na ipinanganganak. Sila ay tinuturuan, sinasanay at kinakasangkapanan. Ang katangian ng mabuting pamumuno ay hindi namamana kundi maaaring kaloob o di kaya naman ay napag-aralan. Kung ito ay kaloob, ito ay ayon sa biyaya ng Diyos. Kung ito naman ay nakasanayan, ito ay bunga ng pagsusumikap, determinasyon, katiyagaan, pagpupursigi at pagpapasensya. Kalooban ng Diyos na mahubog sa bawat mananampalataya ang mga ganitong katangian para sa epektibong pamumuno. Nais mo bang umunlad sa mga katangian ng isang makadiyos na lider? Kung ganoon, sundin ang mga sumusunod:

1. Umunlad sa pamamagitan ng paghingi sa Diyos. Si Solomon ay naging hari sa batang edad pagkamatay ng kanyang amang si David. Nang mga panahong iyon alam niya na ang pamumuno sa napakalaking bayan ay hindi simpleng bagay. Kinilala niya sa harapan ng Diyos ang kanyang kakulangan at inamin ang kanyang nararamdamang kawalan ng kakayahan. Pagkatapos ay humingi siya ng pusong may pang-unawa at pagwawari upang mapamunuan niya ang bayan ng Diyos nang may katarungan. At higit pa kaysa kanyang hiningi ang kanyang tinanggap. (1 Kings 3:1-13)

Ang banal na kasulatan ay nangangaral sa atin, *Ngunit kung nagkukulang ng karunungan ang sino man sa inyo, humingi siya sa Diyos na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nagkukulang o nanunumbat, at ito ay ibibigay sa kanya* (James 1:5). *At ito ang nasa ating pagtitiwala sa Kanya, na kung tayo ay humingi ng ano mang bagay na ayon sa Kanyang kalooban ay dinidinig Niya tayo* (1 John 5:14). *Magsihingi kayo, at kayo ay bibigyan* (Matthew 7:7a).

Lumaki si Pastor Edong ng may matinding inferiority complex dahil sa kanilang kahirapan. Sa Pilipinas, tulad din sa ibang bansa, marami ang mga mayayaman na matapobre. Tinatawanan nila ang kakulangan ng mga mahihirap. Gumaganda ang kanilang pakiramdam kapag nabibigyang diin ang kasamaang-palad ng ibang tao. Ibig sabihin sa kanila nito ay nakakalamang sila. Kaligayahan na ng mayaman na makalamang sa iba. Hindi nila mapigilan ang sarili na malungkot hanggat hindi sila ang number one. Tanggap ni Pastor Edong simula pa lamang na kung siya ay pakikinggan ng mga may kaya sa buhay, kinakailangan na siya ay magkaroon ng kakayahan na makapag-pahayag ng may karunungan at kalinawan. Hiniling niya sa Diyos na magkaroon ng maraming pagkakataon na makapag-aral ng Kanyang salita, makapagsanay sa pagtatalumpati at sa pagsasalita sa wikang Ingles. Dininig ng Diyos ang kanyang kahilingan. Sa kasalukuyan bising-*busy* si Pastor Edong sa pagse-*seminar* at pagmemensahe sa iba't ibang dako ng Pilipinas.

2. Umunlad sa pamamagitan ng pag-aaral ng Banal na Kasulatan. Ang banal na kasulatan ay nagpapaalala at nagtuturo sa atin: *Yamang ipinanganak kayong muli, hindi sa binhing nabubulok, kundi sa walang kabulukan, sa pamamagitan ng salita ng Diyos na buhay at namamalagi* (1 Peter 1:23). *At mula sa pagkabata ay nalaman na ninyo ang mga banal na kasulatan na makapag-papadunong sa ikaliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus* (2 Timothy 3:15). *Tulad ng mga bagong silang,*

panabikan ninyo ang dalisay na gatas na espirituwal upang sa pamamagitan nito'y magsilago kayo sa inyong kaligtasan (1 Peter 2:2).

Ang isang pinagpawisang tao na dumanas ng matinding pagkauhaw dahil sa pagod at init ng araw at pagkatapos ay nakainom ng malamig na tubig ay tao na laging mag-aasam ng malamig na tubig. Ganito ang nangyari kay Pastor Edong. Matagal na panahon na uhaw ang kanyang kaluluwa. Walang makapagbigay lunas sa kakulangang ito ng kanyang buhay. Ang pagkauhaw ng kaluluwa kailan man ay hindi mapapawi ng ano mang materyal na bagay sapagkat ang kaluluwa ay espiritu. Ang Salita ng Diyos ang nagsisilbing malamig na tubig sa nagbabagang kaluluwa ni Edong. Kaya naman lagi niyang nilalasp-lasp ang Salita ng Diyos matapos niyang masimulang maranasan ang kasiya-siyang pagsigla ng puso habang dumadaloy ang dalisay na tubig ng buhay mula sa kanyang bibig, dibdib, patungo sa tiyan ng kanyang espiritu.

3. Umunlad sa pamamagitan ng pagsasabahagi ng kasulatan sa iyong buhay. Nakatala sa aklat ng Mga Gawa na ang mga taga-Berea ay may marangal na pag-uugali. Malugod na tinanggap nila ang mensahe ni Apostol Pablo. Gayunpaman, sinangguni nila ang mga sagradong kasulatan upang mapatunayan kung ang mga sinabi ni Pablo ay totoo nga. Hindi lamang nila basta tinanggap ang mga sinalita ni Pablo bilang katotohanan. Sila ay nag-aral ng salita ng Diyos bago nagkaroon ng konklusyon na ang mga ipinaliwanag ni Pablo ay ayon sa mga nakasulat na. Ang banal na kasulatan ay naging bahagi ng kanilang pagkatao subalit alam nila na hindi pa sapat ang kanilang kaalaman. Kaya't patuloy ang paulit-ulit na pag-aaral nila ng salita ng Diyos.

Ang banal na kasulatan ay nagbababala sa atin: *Kaya nga mag-ingat ang sinumang nag-aakalang siya'y nakatayo, baka siya mabuwal (1 Corinthians 10:12). Ang nag-aakalang may nalalaman siya ay hindi pa nakakaalam ng dapat niyang malaman (1 Corinthians 8:2). Kung sa aming sarili lamang ay wala kaming sapat na kakayahang gawin ito; ang Diyos ang nagkaloob nito sa amin (2 Corinthians 3:5). Pagsikapan mong maging karapat-dapat, manggagawang walang dapat ikahiya at tapat na nagtuturo ng katotohanan (2 Timothy 2:15).*

Taglay ng bagong buhay kay Cristo ang mga bagong interes. Dramatic ang naging pagbabago ng buhay ni Edong. Unang-una, nawalan siya ng gana sa paglabas-labas at pakikipag-inuman sa barkada. Sa halip ay lagi siyang subsob sa pagbabasa ng Bibliya. Nagkaroon din siya ng matinding pagnanasa na maibahagi niya ang mga bago niyang natutuhan mula sa Salita ng Diyos. Kaya kung siya man ay nakikipagkita sa mga dati niyang kaibigan, madalas na siya ay iniwasan ng mga ito dahil sa kanyang excitement na makapag-share ng mga bagong katotohanang kanyang natutuklasan. Ang pagde-devotion, pananalangin, pagbabasa at pag-aaral ng Bibliya ay naging bahagi ng buhay ni Pastor Edong sa punto na binibiro siya na baka lumampas na siya sa langit. Hindi na siya laman ng mga inuman o pag-uusap ng mga kabastusan. Yung dating mga bahagi ng kanyang lumang buhay ay napalitan ng mga bago.

4. Umunlad sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng kasulatan. Matagumpay na napangunahan ni Ezra ang mga na-exile o ipinatapong Hudyo mula sa Babilonya pabalik sa Jerusalem upang itayo muli ang templo ni Yahweh. Itinala ni Ezra kung paano niya itinalaga ang kanyang sarili sa pag-aaral at sa pagtalima sa Batas ng Panginoon, at sa pagtuturo ng mga kautusan at tagubilin nito sa bayang Israel. Hindi maisasabuhay ng isang tao ang hindi niya nalalaman at hindi niya dapat ituro ang hindi niya nagagawa.

Ang banal na kasulatan ay nagtuturo sa atin: *Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pinakikinggan lamang ninyo at hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili* (James 1:22). *Ngunit ang matigas na pagkain ay para sa may sapat na gulang na sanay sa pagkilala ng mabuti't masama* (Hebrews 5:14).

Sapagkat sinasabi sa 1 Corinthians 6:19 na ang katawan ng mananampalataya ay templo ng Banal na Espiritu, minabuti ni Edong na ihinto na ang pag-inom ng gin o tanduay o ano mang imported whiskey; at ihinto na rin ang paninigarilyo. Tinalaga na rin niyang bawasan ang pagkain ng karne bagkos ay damihan ang gulay. Bawasan ang mga chocolate at damihan ang pagkain ng prutas. Inisip din niyang magpalakas ng katawan sa pamamagitan ng pagba-barbel. Nagbasa siya ng mga aklat tungkol sa body building. Subalit hindi naging matipuno ang kanyang katawan. Inamin niya sa kanyang sarili na hindi siya magkaka-muscle at hindi liliit ang kanyang abs sa pamamagitan lamang ng pagbabasa.

Iba naman si Pastor Andoy. Isinabuhay niya yaong mga pinagbabasa ni Pastor Edong patungkol sa body building. Uma-umaga ay makikita natin si Pastor Andoy na nagba-barbel, nagpu-push-up, sit-up, tae bo at iba pang mga exercises. Kaya naman, pogi na, lalo pang gumandang lalaki si Pastor Andoy dahil sa mala-Arnold Swarzenegger niyang katawan. Problema nga lang niya, eh, maraming mga babae ang nagkaka-crush sa kanya subalit mayroon na siyang asawa at walong anak.

Kung puro aral ng Bibliya ang gagawin at hindi ipamumuhay ang mga tagubilin nito, malamang na ulo lamang ang lalaki at ang buhay ay hindi lalago. Kinakailangan na isapamuhay ang mga natututuhang lessons mula sa Bibliya.

Pag-isipan:

1. Paano mo mapauunlad ang iyong mga katangian at abilidad bilang isang mabuti at makaDiyos na leader?

I. Multiple choice

1. Ang mga katangian at mga abilidad ng isang makadiyos na leader ay likas sa bawat mananampalataya.
 - a. True
 - b. False
2. Ang mabuting pamumuno ay maaaring kaloob ng Diyos.
 - a. True
 - b. False
3. Ang mananampalataya ay maaaring mahubog upang maging mabuting leader sa pamamagitan ng
 - a. Pagtitiyaga, pagpupursigi at pagpapasensya
 - b. Pagsusumikap at determinasyon
 - c. All of the above
4. Umuunlad ang makadiyos na leader sa kanyang mga katangian sa pamamagitan ng
 - a. Pagpasok sa seminary
 - b. Pag-attend ng maraming seminars
 - c. Paghingi sa Diyos ng karunungan

5. Nang maging hari si Solomon, humingi siya sa Diyos ng
 - a. Pusong may pang-unawa at pagwawari
 - b. Maraming kayamanan
 - c. Maraming masasakupan

6. Sinabi sa James 1:5 na kung tayo ay nagkukulang sa karunungan,
 - a. Dapat tayong humingi sa Diyos na nagbibigay nito ng sagana
 - b. Dapat tayong mag-research sa internet upang matamo natin ito.
 - c. Dapat tayong patuloy na magbasa ng mga aklat patungkol sa wisdom.

7. Isa pang paraan ng pagpapa-unlad ng makadiyos na katangian ay sa pamamagitan ng
 - a. Pag-aaral ng Banal na Kasulatan
 - b. Pagbabasa ng mga aklat tungkol sa leadership
 - c. Pakikinig sa mga dynamic speakers

8. Tinuturo sa atin na ang Salita ng Diyos ay buhay at namamalagi, ito ay nakapag-papadunong sa ikaliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus.
 - a. True
 - b. False

9. Dapat nating panabikan ang dalisay na gatas na spiritual upang tayo ay lumago sa ating kaligtasan.
 - a. True
 - b. False

10. Ang mga taga-Berea ay naniniwala sa lahat ng mga mensaheng tinanggap nila mula kay Apostol Pablo,
 - a. Kaya contento na sila sa lahat ng natutunan nila.
 - b. Subalit ang mga aral na ito ay kanilang sinisiyasat din sa banal na kasulatan.
 - c. Kaya hindi na nila sinusuri ang kanyang mga turo.

11. Sinabi ni Paul sa 2 Corinthians 3:5 na kung sa kanilang sarili lamang ay wala silang sapat na kakayahan. Sino ang nagkakaloob ng kakayahan ayon sa kanya?
 - a. Diyos
 - b. Mga anghel
 - c. Panalangin ng ibang tao

12. Uunlad ang ating mga katangian upang maging makadiyos na leader sa pamamagitan ng
 - a. Pagsali sa mga church programs
 - b. Pagsasabuhay ng mga kasulatan
 - c. Pagmememorya ng mga talata sa bible

13. Sinabi sa James 1:22 na kung pinakikinggan lamang natin ang salita ng Diyos at hindi natin ito isinasagawa,
 - a. Dinadaya lang natin ang ating sarili.
 - b. Lalago din tayo sa ating pananampalataya.
 - c. Magiging mabuting tao din tayo.

14. Kung isinasapamuhay natin ang mga salita ng Diyos, ito ay makikita sa ating mga gawa at pagkilos.
- True
 - False
15. Lumalaki lamang ang _____ ng tao kung ang ginagawa niya ay puro aral ngunit walang pagsasapamuhay ng napag-aralan.
- puso
 - katawan
 - ulo

II. Short Essay (250 words – 20 points)

Ano ang iyong mga natutuhan sa ating mga pinag-aralan patungkol sa mapaglingkod na pamumuno?

Note:

- Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*
- I-submit ang essay sa iyong Pastor.*



© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.